

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Kinilala ang Brampton bilang isa sa mga komunidad na pinaka-nakakabuti sa kabataan sa Ontario

BRAMPTON, ON (Mayo 7, 2020) – Ang Lungsod ng Brampton ay nakatanggap na naman sa designasyon na Platinum Youth Friendly Community mula sa Play Works, isang programa na suportado ng Parks and Recreation Ontario.

Ito ang ikatlong pagkakataon na kinilala ang Lungsod para sa napakahusay nitong commitment sa paglaki at pagbuo ng mga pagkakataon para sa kabataan, at isa sa tatlong komunidad na tumanggap ng nangungunang platinum na designasyon sa taon na ito.

Ang designasyon ng Youth Friendly Community ay ibinibigay kada tatlong taon sa mga komunidad sa buong Ontario na kumikilala sa natatanging mga pangangailangan ng mga kabataang edad 13 hanggang 19, at tinitiyak na sila ay may tuloy-tuloy na access sa mga pagkakataon ng liderato at pakikilahok, na mula sa sining hanggang sa recreation hanggang sa paglahok sa civic. Ang mga nakakatugon sa lahat ng sampung panukatan ay binibigyan ng Platinum status. Sa kasalukuyan, 47 komunidad ng Ontario ang kinikilalang Youth Friendly o Nakakabuti sa Kabataan.

Ang Brampton ay tahanan ng 58,800 kabataan na may edad na 13 hanggang 19, kung saan 43,111 ang sumasali sa angkop na mga programang pinangungunahan ng Lungsod, tulad ng mga event sa Pambansang Linggo ng Kabataan sa Mayo.

Ang hanay ng mga samahan ng kabataan sa Brampton at mga katuwang sa serbisyo sa komunidad ay nakapag-ambag din sa designasyon sa taon na ito. [I-click dito para makita ang kumpletong listahan.](#)

Ang [Play Works](#) ay isang pangkat ng mga samahan na nagmamalasakit tungkol sa kinabukasan ng kabataan at nagkaisa na paigtingin ang pakikilahok ng kabataan sa mga komunidad sa buong Ontario. Ang mga partner ng Play Works ay ang : 4-H Ontario; Arts Network for Children and Youth; Boys and Girls Clubs of Canada – Central Region; Ophea; Parks and Recreation Ontario; YMCA Ontario.

Mga Quote

“Ngayon ay Pambansang Linggo ng Kabataan, at bilang isang Lungsod ng mga Oportunidad, committed tayo sa pagbibigay sa ating kabataan ng walang limitasyong mga espasyo para matuto, lumaki at maglaro. Ipinagmamalaki natin na muling nakamit itong designasyon bilang Komunidad na Nakakabuti sa Kabataan o Youth Friendly Community sa Ontario, at gusto kong ipaabot ang aking pasasalamat sa ating outstanding na mga partner sa komunidad na gumanap ng mahalagang papel sa pagtulong na makuha ito. Sa panahong ito na mahirap, hinihikayat ko ang mga kabataan sa Brampton na sundin ang mga social channel ng Lungsod

at bisitahin ang brampton.ca para sa hanay ng birtwal na mga aktibidad para manatiling may ginagawa.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Kamakailan, inilunsad ng Lungsod ng Brampton ang pinakauna nitong Youth Engagement Strategy, isang plano na para sa kabataan, ginawa ng kabataan – una sa ganitong uri sa Ontario. Ang staff ng Lungsod ay dedikado sa pagbibigay-kakayahan sa kabataan sa Brampton at patuloy nating inuunawa kung ano ang mga kailangan at gusto ng kabataan sa paggawa ng mga programa at inisyatiba, Umaasa tayong patuloy na matanggap ang ganitong karangalan sa darating na mga taon para sa ating nagpapatuloy na trabaho sa pagpapalahok sa kabataan.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga lungsod at mga bayan na ito ay ginawa ang pambuong komunidad na paraan sa pakikilahok ng kabataan. Nakagawa sila ng mahalagang mga pagsisikap para katagpuin ang kabataan kung nasaan sila at binigyan sila ng boses at aktibong papel sa pagdedesisyon. Nakikita natin ang magagandang resulta dahil binigyang kakayahan ang mga kabataan na gawin ang mga tungkulin sa liderato at nag-ambag sa pangkalahatang kalusugan at kasiglahan ng kanilang mga paaralan, mga kalapitbahayan at mga komunidad.”

- *Cathy Denyer, CEO, Parks and Recreation Ontario*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](https://twitter.com/brampton), [Facebook](https://facebook.com/brampton), at [Instagram](https://instagram.com/brampton). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca